Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Laguna
**BAYAN NG SANTA CRUZ**

# TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS SA BATASANG BAYAN NOONG IKA-24 NG ABRIL, 2002, ARAW NG MIYERKULES, SA GANAP NA IKA-9:35 NG UMAGA.

*DUMALO:*

| | | |
|---|---|---|
| KGG. ARIEL T. MAGCALAS | .............. | PANG. PUNONG BAYAN Tagapangulo |
| Kgg. Florencio C. Odejar | .............. | Kagawad |
| Kgg. Louie C. de Leon | .............. | Kagawad |
| Kgg. Bernardo E. Ison | .............. | Kagawad |
| Kgg. Roselon F. Pamatmat | .............. | Kagawad |
| Kgg. Edgardo T. Porca | .............. | Kagawad |
| Kgg. Eugenio A. Javier, Jr. | .............. | Kagawad |
| Kgg. Ricardo B. Ramirez | .............. | Kagawad |
| Kgg. Purita P. Sarmiento | .............. | Kagawad |
| Kgg. Angelito U. Limjuco | .............. | Kagawad |
| Kgg. Jeffrey A. Villaseñor | .............. | Kagawad |

*KAPASIYAHAN BLG. 132-T'2002*

*KAPASIYAHANG HUMIHILING SA KGG. PUNONG BAYAN DOMINGO G. PANGANIBAN NA MAKAPAGLAAN NG PONDONG NAGKAKAHALAGA NG ANIMNAPU'T PITONG LIBONG PISO (P67,000.00) PARA SA NAKATAKDANG PAGSASANAY UKOL SA LEHISLASYON ( SKILLS TRAINING DEVELOPMENT LEGISLATION) SA SUBIC, LUNGSOD NG OLONGAPO, BASE SA NAKALAKIP NA PANUKALA SA PAGSASANAY NA DADALUHAN NG MGA PAMUNUAN, KAWANI AT TAGAPAGTAGUYOD NG NABANGGIT NA PAGSASANAY.*

*SAPAGKA'T,* may panukalang iniharap sa sangguniang ito ang Local Government Operations Officer V hinggil sa pagdaraos ng pagsasanay ukol sa lehislasyon na gaganapin sa ika-27, 28 at 29 ng Mayo, 2002 sa Subic, Lungsod ng Olongapo;

*SAPAGKA'T,* layunin ng naturang pagsasanay na maragdagan ang kaalaman sa pagsasabatas *upang magsilbing behikulo para sa pag-unlad ng bayang ito.*

*KUNG KAYA'T, DAHIL DITO,* sa mungkahi ng Kgg. Kag. Jeffrey A. Villaseñor, na pinangalawahan ng mga Kgg. Kag. Bernardo E. Ison, Roselon F. Pamatmat at Edgardo T. Porca at sa buong pagsang-ayon at pagkakaisa ng lahat na ngayo'y kaharap, ay

*PINAGPASIYAHAN :* Na humiling sa *Kgg. Punong Bayan Domingo G. Panganiban na makapaglaan ng pondong nagkakahalaga ng* P67,000.00 *para sa nakatakdang pagsasanay ukol* sa lehislasyon (Skills Training Development Legislation) sa Subic, Lungsod ng Olongapo, base sa nakalakip na panukala sa pagsasanay na dadaluhan ng mga pamunuan, kawani at tagapagtaguyod ng nabanggit na pagsasanay.

*INIUUTOS:* Na padalhan ng *sipi* ng *kapasiyahang ito* ang Kgg. *Punong Bayan,* *Pambayang Pinuno sa Padyet, Pambayang* Ingat-Yaman, Pambayang Tagatuos at DILG-LGOOV, lahat sa bayang ito, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

*PINAGTITIBAY.*

*PINATUTUNAYAN* kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

JEANETTE P. ALFONSO
Kalihim ng Sangguniang Bayan

NAGPATUTOO:

KGG. ARIEL T. MAGCALAS
Pang. Punong Bayan
Tagapangulo

*PINAGTIBAY:* KGG. INHR. DOMINGO G. PANGANIBAN
Punong Bayan